

KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA PAGSULONG

1600 NINTH STREET, Room 320, MS 3-9 SACRAMENTO, CA 95814
TTY (916) 654-2054 (For the Hearing Impaired)
(916) 654-1958



Agosto 3, 2016

PARA: MGA EHEKUTIBONG DIREKTOR NG SENTRONG PANG-REHIYON

PAKSA: MGA TUNTUNIN SA PANTAHANAN AT NAKABASE-SA-KOMUNIDAD NA MGA SERBISYONG – PAGPOPONDO PARA SA TAGAPAGBIGAY PARA SA PAGSUNOD NG MGA GAWAIN

Panimula

Noong Enero 2014, ang pederal na Mga Sentro para sa Medicare & mga Serbisyong Midecaid (Centers for Medicare & Medicaid Services) ay naglabas ng mga huling tuntunin, o mga patakaran, para sa Pantahanan at Nakabase-sa-Komunidad na mga Serbisyong (Home and Community-Based Services, HCBS)¹. Inaatas ng mga patakaran na magbigay ang mga programang HCBS na pinopondohan sa pamamagitan ng Medicaid – tinatawag na Medi-Cal sa California – sa mga taong may kapansanan ng ganap na akses sa mga benepisyo sa komunidad. Maaaring kasama dito ang mga oportunidad upang mghanap ng trabaho sa mga mabalasik at mapagsamang kapaligiran, pamahalaan ang personal na mga mapagkukunan, at sumali sa komunidad sa parehong antas ng mga indibidwal na hindi tumatanggap ng mga serbisyo ng sentrong pang-rehiyon. Nakatuon ang mga patakarang ng HCBS sa likas at katangian ng mga karanasan ng mga indibidwal at hindi lang sa mga gusali kung saan ang mga serbisyo ay inihahatid.

Bilang pagkilala na ang ilang mga tagapagbigay ng serbisyo ay maaaring kailangang gumawa ng mga hakbang patungo sa pagbabago ng kanilang mga serbisyo, ang Batas ng Budget 2016 (Budget Act) (SB 826, Kabanata 23, Mga Batas ng 2016) ay may \$15 milyon upang pondohan ang mga pagbabago na kakailanganin para sa mga tagapagbigay upang makasunod sa mga patakaran ng HCBS sa Marso 2019. Tulad ng inilarawan sa ibaba, ang mga tagapagbigay ng serbisyor ay mag-aaplay para sa pondo sa pamamagitan ng mga sentrong pang-rehiyon at ang lahat ng isinumiteng panukala ay ipapasa sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pagsulong (Department of Developmental Services, DDS). Ang mga sentrong pang-rehiyon ay maaaring gumawa ng mga rekomendasyon para sa pagpopondo batay sa mga lokal na priyoridad, bagama't ang huling pag-apruba ay gagawin ng DDS. Ang mga proyektong nangangailangan ng maramihang mga taon upang makumpleto at karagdang pagpopondo, o nagreresulta sa pagtugon sa ilan, ngunit hindi lahat, ng mga patakarang ng HCBS, ay isasaalang-alang.

Karapat-dapat na mga tagapagbigay

Ang mga tagapagbigay ng mga serbisyo sa mga kapaligirang itinutukoy sa Plano ng Buong-Estadong Paglilipat ng California² (Providers of services in settings identified

¹ <https://www.medicaid.gov/Medicaid-CHIP-Program-Information/By-Topics/Long-Term-Services-and-Supports/Home-and-Community-Based-Services/Home-and-Community-Based-Services.html>

² <http://www.dhcs.ca.gov/services/ltc/Pages/HCBSStatewideTransitionPlan.aspx>

"Bumubuo ng mga Samahan, Sumusuporta sa mga Pagpipilian"

Mga Ehekutibong Direktor ng Sentrong Pang-rehiyon
Agosto 3, 2016
Pahina dalawa

in the California Statewide Transition Plan)(Kalakip A) na hindi tumupad sa mga patakaran ng HCSB ay maaaring karapat-dapat para sa pagpopondo.

Proseso ng aplikasyon

Kasa sa proseso ng pag-aaplay para sa pagpopondo ang sumusunod:

Hakabang 1 - Sa Oktubre 1, 2016, kailangang magsumite ang mga tagapagbigay ng serbisyo ng sumusunod sa sentrong pang-rehiyon upang maisaalang-alang para sa paunang pag-apruba ng proyekto:

- Isang nakumpletong pagtatasa ng pagsunod ng tagapagbigay (Kalakip B) ng inaalok na kapaligiran, serbisyo o suporta na tumutukoy at naglalarawan kung aling mga kinakailangan ng HCBS sa kapaligiran ang hindi natugunan; at,
- Isang nakumpletong konseptong panukala (Kalakip C) na may kasamang:
 - Pangalang ng nag-aalok, pangunahing sentrong pang-rehiyon, numero ng nag-aalok, kodigo/uri ng serbisyo, at bilang ng mamimili na pinaglilingkuran ng nag-aalok;
 - Isang maikling salaysay/paglalarawan ng proyekto, na tumutukoy kung aling mga kinakailangan ng HCBS sa kapaligiran ang hindi natugunan, na naglalarawan kung paano ang pahihintulutan ng pagpopondo ang pagsunod, at pangatwiran ang hinihiling na pagpopondo;
 - Isang maikling paglalarawan ng anumang mga hadlang sa pagsunod nsa mga patakaran ng HCBS at/o pagpapatupad ng proyekto;
 - Isang tinatantyang budget para sa proyekto na tumutukoy sa lahat ng mga pangunahing gastos;
 - Ang hinihiling na pagpopondo sa 2016-17; at,
 - Isang tinatantyang talapanahon para sa proyekto.

Hakbang 2 – Sa Nobyembre 30, 2016, ang mga sentrong pang-rehiyon ay kailangang magsumite ng lahat ng mga nakumpletong konseptong panukala at pagtatasa sa DDS, kasama ng anumang mga rekomendasyon sa pagpopondo at ang batayan ng mga rekomendasyon. Maaaring humiling ang DDS ng dagdag na impormasyon mula sa mga tagapagbigay o sentrong pang-rehiyon, kung kinakailangan.

Hakbang 3 – Sa Pebrero 2017, aabisuhan ng DDS ang mga sentrong pang-rehiyon ng mga konseptong panukala na napili para pagpopondo.

Hakbang 4 – Ang mga panukalang napili ng DDS ay nangangailangan ng sumusunod na karagdagang impormasyon upang matanggap ang huling pag-apruba ng proyekto sa Abril 30, 2017:

Mga Ehekutibong Direktor ng Sentrong Pang-rehiyon
Agosto 3, 2016
Pahina tatlo

- Isang ipinatupad na kasunduan/kontrata ng serbiyo sa pagitan ng sentrong pang-rehiyon at ng tagapagbigay ng serbisyo;
- Para sa mga proyektong nangangailangan ng pagbili ng kagamitan o mga pagbabago sa isang istruktura, tatlong presyo para sa iminumungkahing serbisyo ang kinakailangan;
- Isang budget para sa proyekto na tumutukoy sa bawat gastos kasama ang isang maiksing paglalarawan;
- Isang talapanahon ng proyekto na tumutukoy ng mga mahahalagang milyahe.

Magsasagawa ang DDS ng dalawang isang-oras na webinar upang suriin ang prosesong ito at sumagot ng mga katanungan. Ang mga opsyonal na webinar ay nakatakda sa Lunes, Agosto 15, mula 9:30 a.m. - 10:30 a.m., at sa Huwebes, Agosto 18, mula 3:30 p.m. - 4:30 p.m. Upang magpatala, sundan ang mga tagubilin na makikita sa <http://www.dds.ca.gov/HCBS/>.

Inaasahan namin ang sama-samang pagtatrabaho sa prosesong ito habang sumusulong tayo tungo sa pagtugon sa mga patakaran ng HCBS. Kung may anumang mga katanungan kayo tungkol sa sulat na ito, mangyaring makipag-ugnayan kay Julie Souliere sa (916) 654-2273, o Julie.Souliere@dds.ca.gov.

Buong katapatan,

Nilagdaan ang orihinal ni

BRIAN WINFIELD
Kumikolos na Kinatawan ng Direktor
Sangay ng mga Serbisyong Pang-komunidad

Mga kalakip

cc: Mga Tagapangasiaw ng Sentrong Pang-rehiyon
Mga Punong Tagapayo ng Sentrong Pang-rehiyon
Mga Direktor ng mga Serbisyong Pang-komunidad ng Sentrong Pang-rehiyon
Samahan ng mga Ahensya ng Sentrong Pang-rehiyon
Nancy Bargmann, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pagsulong
John Doyle, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pagsulong
Jim Knight, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pagsulong